Kabataang Bulakenyo, tumindig at ipagdiwang ang inyong tagumpay sa panuruang taon 2023-2024!

Sa inyong pagtatapos, tangan niyo na ang sarili ninyong liwanag. Liwanag na tatanglaw sa inyong susunod na landasin, at liwanag na bubuo ng matatag na pundasyon ng susunod na henerasyon. Bilang ama ng lalawigan, tanggapin ninyo ang aking pagpupugay at pasasalamat sa inyong pagsisikap! Kasabay nito, asahan ninyo na pananatilihin natin ang kislap sa inyong mata, at sisiguruhing matatanaw at mararating ninyo ang magandang kinabukasan.

Sa nakaraang mga taon ay sinuong ninyo ang mapanghamong landas ng pag-aaral. Batid kong napagod, napaisip at makailang ulit kayong nagbalak huminto. Ngunit kailanman ay hindi kayo sumuko; patuloy kayong sumubok at sumulong tungo sa katuparan ng inyong mga pangarap.

Mapalad ang lalawigan ng Bulacan dahil nananalaytay sa dugo ng ating kabataan ang kahusayan at nag-uumapaw na potensyal. Taglay din ninyo ang inisyatibong makialam sa estado ng ating lipunan, at makiisa sa ganap na pagbabago ng ating bansa. Sa ating sama-samang pagbuo ng Bagong Pilipinas, asahan ninyong kayong pag-asa ng bayan ay hindi nag-iisa sa laban. Nariyan ang inyong pamilya, paaralan, pamahalaan at ang Panginoon upang patuloy kayong patatagin. Kaya naman patuloy lang ang pagsulong. Pumanig lagi sa katotohanan. Gamitin ang puso, hindi lang tainga, sa pakikinig sa kapwa. At gamitin ang isip, hindi lang bibig, sa pagpapahayag ng sarili.

Nasaksihan natin kung paano magbago ang panahon sa isang iglap, at asahan nating patuloy itong magbabago. Sa gitna nito, pagsisikapan natin, kaisa ang Department of Education, na patuloy kayong mamuhay nang ligtas; may karapatang mapakinggan; may kalayaang magpahayag; at may oportunidad na magtagumpay sa buhay. Niyayakap ng Bulacan ang nag-uumapaw na kaunlaran, at sisiguruhin kong kayo, mga minamahal kong magsisipagtapos, at lahat ng Bulakenyo ang makikinabang sa mga ito.

Muli, maraming salamat sa inyong pagpapagal at pananagumpay sa pag-aaral. Sa taglay ninyong katatagan, husay at pusong makabayan, panatag kaming iiwan sa inyong mga kamay ang susunod na henerasyon ng dakilang lalawigan ng Bulacan.

Mabuhay ang makabagong kabataan, ipinagmamalaki kayo ng lahing Bulakenyo!



**GOB. DANIEL R. FERNANDO**

*"Sipag at Tapat na Naglilingkod sa Inyo"*